# DIGITAL STREAMING AT PAGLUBOG NG TRADISYONAL NA TELEBISYON

*by:*
**Maureen T. Adan,**
*Teacher II, St. Francis National High School*

Ang mabilis na pag-usbong ng digital streaming platforms tulad ng Netflix, Disney+, Amazon Prime, at lokal na serbisyo tulad ng iWantTFC ay nagdulot ng rebolusyon sa kung paano natin tinatangkilik ang libangan. Ang dating “primetime” ng telebisyon ay tila napalitan ng “anytime, anywhere” na modelo ng panonood. Ang digital streaming ay hindi lamang isang alternatibo kundi isang bagong norma na patuloy na nagbabago sa tanawin ng media at entertainment.

Sa digital na mundo, ang kasiyahan ay nasa kamay ng bawat tao—literal. Sa pamamagitan

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

ng mga mobile device, laptop, at smart TV, nagkaroon ang mga manonood ng kapangyarihang pumili ng oras, lugar, at programa ayon sa kanilang kagustuhan. Ang hindi maikakailang kakayahang ito ang unti-unting naglalagay ng tradisyonal na telebisyon sa anino ng modernong teknolohiya. Hindi na kailangang maghintay sa oras ng palabas o magtiis sa sunud-sunod na patalastas. Sa streaming platforms, kontrolado ng bawat isa ang kanilang karanasan. Subalit, sa kabila ng kasikatan ng digital streaming, mahalagang suriin ang epekto nito sa industriya ng telebisyon at pati na rin sa kultura ng panonood.

Ang mga telebisyong network, na dekada nang nagsilbing tagapagdala ng balita, libangan, at edukasyon, ay napipilitang makipagsabayan o tuluyang mapag-iwanan. Habang ang iba ay nakahanap ng paraan upang umangkop, tulad ng pagbibigay ng online content, marami ang nahihirapang makahabol sa bagong takbo ng teknolohiya.

Hindi rin lingid sa kaalaman na ang digital streaming ay may presyo. Ang pagiging "on-demand" ng mga serbisyo ay kalakip ng mga bayarin, na nagiging hadlang para sa ilang pamilyang Pilipino na umaasa pa rin sa libreng serbisyo ng telebisyon.

Bukod pa rito, ang kakulangan ng regulasyon sa mga streaming platforms ay maaaring magdulot ng mga isyung moral, lalo na sa mga kabataang madaling ma-access ang kahit anong uri ng nilalaman. Sa kabila ng lahat, malinaw na ang digital streaming platforms ay hindi lamang uso kundi isang rebolusyon na nagbibigay-buhay sa makabagong libangan. Ngunit habang tayo ay yumayakap sa teknolohiya, huwag sana nating kalimutan ang halaga ng balanse. Ang tradisyonal na telebisyon, kahit paunti-unting nawawala ang kasikatan, ay nananatiling bahagi ng ating kasaysayan at kultura. Ang hamon para sa mga kumpanya at manonood ay gawing mas inklusibo, patas, at makabuluhan ang bagong era ng panonood—isang pagsasanib ng tradisyon at makabagong inobasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

C-I Studios. (n.d.). The evolution of television formats: From traditional to streaming. C-I Studios. Retrieved from https://c-istudios.com/the-evolution-of-television-formats-from-traditional-to-streaming/

Sanusi, B. O., & Ola, O. I. 2023. IMPACT OF STREAMING SERVICES ON TRADITIONAL BROADCAST TELEVISION. SFJESGS. Retrieved from http://sfjesgs.com/index.php/SFJESGS/article/view/453